



Department of Justice

PARA SA AGARANG PAGPAPALABAS
LUNES, DISYEMBRE 15, 2014
WWW.JUSTICE.GOV

CRT
(202) 514-2007
TTY (866) 544-5309

**NAGPAPALABAS ANG SANGAY NG MGA KARAPATANG SIBIL NG KAGAWARAN
NG HUKOM NG MGA PRINSIPYO NG WALANG DISKRIMINASYON UPANG
GABAYAN ANG PEDERAL, ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN SA
PAGTUGON SA EBOLA VIRUS**

WASHINGTON – Nagpalabas ngayon ang Sangay ng Mga Karapatang Sibil ng Kagawaran ng Hukom ng mga prinsipyo ng walang diskriminasyon upang gabayan ang pederal, estado at lokal na pamahalaan sa pagtugon sa Ebola virus. Nagpalabas din ang sangay ng patnubay sa pagprotekta ng mga karapatang sibil habang tumutugon sa Ebola virus at isang mapagsasangguniang gabay kung ano ang mga legal na proteksyon na naaangkop.

Habang nagpapatuloy ang pandaigdigang pagtugon sa Ebola virus, mahalaga na manatiling masigasig na tiyakin na ang mga karapatang sibil ng mga tao ay nairerespeto. Parehong dapat pangunahan ng siyensiya at batas ang ating mga pagsisikap upang matiyak na hindi malilimitahan ng mga walang batayang takot at/o pagtatangi ang access sa pabahay, edukasyon, mga benepisyo, mga serbisyo at trabaho dahil sa lahi, kulay, bansang pinanggalingan, katayuan ng pagkamamamayan, kapansanan o anumang iba pang protektadong katayuan. Bukod pa rito, mahalaga ang access sa tamang impormasyon sa kalusugan sa pagbibigay sa lahat ng tao ng kakayahang gumawa ng matalinong pasya kung paano makakaapekto ang virus sa kanila, sa kanilang pamilya at sa komunidad.

Ang mga sumusunod na mga prinsipyo ng walang diskriminasyon ay:

1. Tiyakin na walang pananakot, panliligalig o iba pang labag sa batas na diskriminasyon sa mga tao o taong inaakalang mula sa bansang Aprika, o may lahing Aprikano o sa mga taong may Ebola virus o inaakalang mayroong virus. Katulad ng sa lahat ng emerhensiya, maaaring maapektuhan ng Ebola virus ang mga tao ng iba't ibang mga lahi, etnidad, nasyonalidad, katayuan ng imigrasyon at katayuan ng kapansanan. Ang panliligalig at iba pang mga uri ng labag sa batas na diskriminasyon ay hindi lamang ilegal, ngunit maaaring pumigil sa mga taong apektado na umamin upang magpagamot o humingi ng impormasyon. Sa pagsasaalang-alang kung may anumang peligro na ang isang tao ay maaaring mayroong Ebola, mahalaga na malaman kung ang taong ito ay nagkaroon ng direktang pagkakadikit sa likido ng katawan ng sinumang nagpapakita ng mga sintomas ng Ebola sa loob ng nakaraang 21 araw. Ang mga patakarang malawak ang saklaw o udyok ng takot sa halip na mga katotohanan ay maaaring maging sanhi ng labag sa batas na diskriminasyon. Ang Estados Unidos ay masigasig na nagpapatupad ng mga batas na nagbabawal sa diskriminasyon at labag sa batas na panliligalig.

2. Pagbibigay ng impormasyon sa mga wikang bukod sa Ingles. Mahalaga ang napapanahon at tamang pagpapakalat ng pampublikong impormasyon para sa matagumpay na pagtugon sa anumang mga banta sa kalusugan ng publiko. Maraming mga tao ang hindi nakakabasa o nakakaintindi ng Ingles. Subalit mahalaga para sa lahat ng miyembro ng komunidad na makakuha ng mahalagang pampublikong impormasyon, kabilang na ang impormasyon kung paano nakukuha ang Ebola at ang mga sintomas ng Ebola. Ang mga mensahe para sa mga naninirahan sa mga estado at mga lokalidad ay dapat na ibigay sa mga wikang sinasalita ng mga taong may limitadong kasanayan sa Ingles sa mga lugar na iyon, at dapat na isulat nang maliwanag hangga't maaari. Makikita ang karagdagang impormasyon tungkol sa pagtiyak sa access sa wika sa www.lep.gov. Makikita ang mga babasahin tungkol sa mga karapatan sa access sa wika sa <http://www.lep.gov/dojbrochures.html>.

3. Pagbibigay ng access sa impormasyon at serbisyo sa mga taong may kapansanan. Maraming mga tradisyunal na paraan ng pag-aabiso ang hindi nakukuha o nagagamit ng mga taong may mga kapansanan. Halimbawa, hindi naririnig ng mga indibidwal na bingi o nahihirapang makarinig ang radyo, sirena o iba pang pandinig na mga alerto. Ang mga indibidwal na bulag o may kapansanan sa paningin ay hindi nakakabasa ng karaniwang nakalimbag na mga materyales. Ang mga indibidwal na may kapansanan sa pag-iisip ay maaaring hindi makaunawa ng mga kumplikadong wika. Kailangang maabot ng tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan at iba pang mga kaugnay na entidad ang mga indibidwal na may mga kapansanan sa paraan na naaayon sa kanila. Para sa karagdagang impormasyon sa access para sa mga indibidwal na may mga kapansanan, mangyaring tingnan sa www.ADA.gov.

Ang Sangay ng Mga Karapatang Sibil (Civil Rights Division) ng Kagawaran ng Hukom (Department of Justice) ng U.S., kasama ng iba pang mga ahensiya sa kabuuan ng pederal na pamahalaan, ay patuloy na susubaybay sa lahat ng usapin sa mga karapatang sibil na kaugnay sa Ebola. Ang sangay ay patuloy na makikipagtulungan sa ating mga ahensiyang pederal upang masiguro na ang mga proteksyon sa mga karapatang sibil ay kasama sa mga pagsisikap sa emerhensiyang pagpapalano at pagtugon.

###

14-XXXX

HUWAG TUMUGON SA MENSAHENG ITO. KUNG IKAW AY MAY MGA KATANUNGAN, MANGYARING GAMITIN ANG MGA UGNAYAN SA MENSAHE O TUMAWAG SA TANGGAPAN NG MGA PAMPUBLIKONG GAWAIN SA 202-514-2007.